Bulacan State University
Kolehiyo ng Social Sciences at Pilosopiya
**Departamento ng Agham Panlipunan**
Lungsod ng Malolos Bulacan

*Karunungan, Karangalan, Kahusayan Para sa Kagalingan ng Bayan!*

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
MAY 30 2022
By: ____
Time: ____ 1:20 PM

Mayo 12, 2022

**ZENIA G. MOSTOLES, EdD,**
**CESO V**
Schools Division Superintendent
DepEd Schools Division of Bulacan

Republic of the Philippines
Department of Education
05/31/22

Reproduction No. 155, s. 2022
For dissemination and compliance.
ZENIA G. MOSTOLES, EdD, CESO V
Schools Division Superintendent

Dr. Mostoles:

Isang mapagpalayang araw po!

Ang **Departamento ng Agham Panlipunan (DAP)** bilang isang akademikong yunit sa Bulacan State University- Kolehiyo ng Social Sciences at Pilosopiya ay patuloy sa pagsusulong ng mga gawaing pumapanday sa kamalayang makabayan, kaisipang kritikal at mapanuri, damdaming mapagmalasakit sa kapwa at kahusayang nakalaan sa kaginhawaan ng Bayan. Layunin nito sa kabuuan na maging kabahagi at kaisa sa proyekto ng pagbubuo, pagpapaunlad, at pagpapatatag ng Bayan.

Kaugnay nito ang aming Departamento ay nagbabalak na magsagawa ng tagisan ng talino sa darating na **Hunyo 3, 2022**, ganap na **ika-1:00 n.h. hanggang ika-5:00 n.h.** Ang nasabing paligsahan ay inaasahang lahukan ng mga mag-aaral mula sa mga pampubliko at pampribadong paaralan mula sa Bulacan. Tutuon ang nasabing paligsahan sa mga asignaturang may kinalaman sa kasaysayan, kalinangan, heograpiya, at pulitika sa Pilipinas. Gagawin ito virtually at ila-live stream gamit ang Buhayin ang Kamalayan sa Kasaysayan ng mga Kabataan (BUKASAN) youtube at facebook account. Ang iba pang detalye kaugnay nito ay inyong mababasa sa mechanics na inilakip kasama ng liham na ito.

Sa diwang ito, kami po ay lumalapit sa inyong mabuting tanggapan upang mai-endorso ang paglahok sa gawaing ito ng mga paaralan na nasa inyong direktang pangangasiwa. Nawa po ay makapagpadala ang bawat paaralan na inyong nasasakupan ng isang pangkat, na bubuuin ng 3 kasapi mula sa junior high school program, na siyang kakatawan sa mga ito. Maaaring magpatala sa tagisang ito gamit ang google form link na ito https://tinyurl.com/BUKASAN-TagisanNgTalino2022 bago o sa mismong araw ng Hunyo 1, 2022.

Kung kayo po ay may mga paglilinaw, maaari po ninyo kaming kaugnayin sa numerong 09123456789 o dili kaya naman ay padalhan ng mensahe gamit ang sulatronikong **Bkktagisanngtalino@gmail.com.**

Umaasa po kami sa inyong positibong pagtugon sa kahilingang ito. Maraming salamat at pagpalain po nawa kayo ng Poong Maykapal!

Para sa Bayan,

Bulacan State University
Kolehiyo ng Social Sciences at Pilosopiya
**Departamento ng Agham Panlipunan**
Lungsod ng Malolos Bulacan

*Karunungan, Karangalan, Kahusayan Para sa Kagalingan ng Bayan!*

**AIRA DE SILVA**
Tagapamahala ng Kaganapan

**OLIVIA P. PADERON**
Tagapamahala ng Kaganapan

Binigyan [illegible]

BOBBY dG. LOPEZ, LPT, MAEd.
Fakulti, DAP

RIA I. DELA MERCED, LPT, MAEd
Tagapangulo, DAP

SHERWIN M. PARIÑAS, Ph.D.
Fakulti, DAP

MA. MAGDALENA GATDULA
Dean ng Kolehiyo ng [illegible]

## MEKANIKS NG TAGISANG TALINO 2022

**Tema:** Pagbabalik sa Kamalayan ng mga Kabataan ng mga Pag-aaral ukol sa Kalinangan at Kasaysayan

**Petsa:** Hunyo 3, 2022; 1:00 n.h.- 5:00 n.h.

### I. Paglahok at Pagpapatala

1. Ang mga maaaring lumahok lamang sa tagisan ay mga rehistradong mag-aaral mula sa ika-7 hanggang ika-10 na baitang sa *junior high school program* ng mga pampubliko at pampribadong sekondaryang paaralan na nasa Bulacan.

2. Bawat paaralan ay isang kinatawan lamang ang maaring ipadala. Ang kinatawan na tinutukoy ay isang (1) pangkat na binubuo ng 3 mga mag-aaral. Maaaring buuin ang pangkat ng mga kalahok mula sa iisang baitang lamang o kombinasyon ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang baitang.

3. Ang bawat kalahok ay inaasahang may *coach* na susubaybay sa kanila bilang paghahanda sa nalalapit na tagisan.

4. Maaaring magparehistro gamit ang google form link na ito https://tinyurl.com/BUKASAN-TagisanNgTalino2022 bago o sa petsang itinakda, Hunyo 1, 2022.

### II. Mga Kakailanganin sa Tagisan

1. Inaasahan na ang bawat kalahok ay may laptop at zoom cloud meeting app na gagamitin sa tagisan.

2. Kinakailangan din ang 15 long bond paper na hinati ng patayo. Samakatuwid, ay makabubuo mula rito ng 30 kalahating long bond paper. Ito ang magsisilbing sulatan sa 2nd round.

3. Sa pagsusulat ng sagot, pentel pen ang gagamitin.

4.Mahalaga rin ang pagkakaroon ng stable internet connection sa buong daloy ng tagisan.

### II. Sasaklawin ng mga Tanong, Pagpupuntos, at Pag-ooras ng Pagsagot

1. Ang mga tanong ay manggagaling sa mga aralin o paksang may kinalaman sa kasaysayan, kalinangan, heograpiya at pulitika sa Pilipinas na inihanda ng mga piling hurado na may kadalubhasaan sa mga nasabing aralin/paksa.

2. Mayroong 2 rounds ang tagisan. Ang unang round ay bubuuin ng 20 katanungan. Isang puntos ang ibibigay sa bawat tamang sagot. Bibigyan lamang ng 5 minuto ang bawat pangkat upang

masagutan ang mga katanungan na ipapasa sa mga kalahok sa pamamagitan ng google form sheet. Ang sampung paaralan na may pinakamataas na makukuhang marka sa unang round ang siyang magpapatuloy sa susunod. Ang huling round naman ay may tatlong (3) bahagi na binubuo ng madali, katamtaman, at mahirap na bahagi. Bawat isang bahagi ay bubuuin ng 10 katanungan. Para sa madaling bahagi , ang bawat tamang sagot ay bibigyan ng isang (1) puntos, habang tatlong 3 puntos naman ang ibibigay para sa katamtamang bahagi, at limang (5) puntos naman para sa mahirap na bahagi.

3. Bibigyan lamang ang kalahok ng 5 segundo sa pagsasagot kapag ang hinihingi ng katanungan ay titik lamang ng tamang sagot. Kapag naman pangalan ng tao, lugar, petsa, o iba pang katulad na sagot ay 10 segundo. Samantala kung talagang mahaba ang sagot na hinihingi, maaaring mas habaan pa sa sampung segundo ang oras na ibibigay sa pagsagot.

4. Inaasahan na ang bawat kalahok ay nakataas ang pentel pen habang hindi nagsasagot. Babasahin ng Quiz Master ang tanong ng dalawang ulit. Maaari lamang magsimulang magsulat ng sagot ang mga kalahok kapag narinig na mula sa Quiz Master ang salitang "Padayon!" Kapag nakarinig naman ng buzzer, hundyat ito na kailangan ng itaas ang sagutang papel. Ang mga mahuhuli sa pagtataas ng kanilang papel ay hindi na kikilanin ang sagot at sa gayon ay hindi na pupuntusan maging ito man ay tama.

5. Matapos pagsama-samahin ang puntos mula sa tatlong bahagi ng second round ng tagisan, ang grupo na makakakuha ng pinakamaataas na puntos ang idedeklarang kampeonato, habang ang nakakuha naman ng pangalawang pinakamataas na puntos ang idedeklarang nagkamit ng pangalawang puwesto, at ang sumunod na pinakamataas dito ang idedeklarang nakasungkit ng ikatlong puwesto.

6. Sakaling magkaroon ng tie score para sa alinmang puwesto, magbibigay ng dagdag na tatlong katanungan ang mga hurado para ma-break ang tie.

7. Kapag nawala kahit sandali sa virtual room ang mga kalahok bungsod ng internet connection problem habang iniisa-isa ang pagtse-tsek sa mga sagot sa katanungan, hindi kikilanin o bibigyang puntos ng mga hurado ang naging sagot ng mga kalahok na nawala ng panandalian kahit na tama pa ito.

**III. Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagsasagot**

1. Kapag pangalan ng tao ang hinihingi ng sagot, ibigay ang unang pangalan, apelyido, at name suffix kung kinakailangan.

2. Kapag naman petsa ang hinhingi, siguraduhing naroon ang buwan, araw, at taon.

3. Kung pangalan ng lugar magbatay sa hinihingi ng tanong (e.g. bayan lang, bayan na may kasamang pangalan ng lalawigan, at iba pa).

4. Ang maling baybay na sagot ay ikokonsiderang mali.

5. Ang lahat ng mga sagot ay dapat na nakasulat ng hiwa-hiwalay at nasa malaking titik.

6. Bawal ang anumang uri ng pagbubura o superimposition sa pagsasagot.

**IV. Kaayusan ng Paglalagian sa Panahon ng Tagisan**

1. Bago simulan ang tagisan, inaasahan na iikot ng bawat kalahok ang kanilang kamera upang masilip ng nakatalagang student marshal ang kabuuan ng paligid na kanilang pinaglalagian upang sa gayon ay matiyak ng mga ito na walang anumang hindi nararapat doon na makaiimpluwensiya/makaaapekto/makagugulo sa kanilang pagasagot.

2. Ang bawat kalahok ay dapat na nakaharap sa dingding ng silid na kanilang pinaglalagian at may nakalagay na salamin sa kanilang likuran. Ito ay upang makita ng mga student marshal ang nangyayari sa unahan at likuran ng mga kalahok.

**V. Karagdagang Paalala**

1. Ang bawat kalahok ay inaasahan na nasa loob na ng virtual room sampung (10) minuto bago magsimula ang programa.

2. Kung may katanungan o paglilinaw ukol sa ipinahayag na tamang sagot, mangyaring ipabatid lamang ito ng coach sa mga hurado sa pamamagitan ng pagpapapindot sa mga kalahok ng *raise hand button* bago basahin ng Quiz Master ang kasunod na tanong.

3. Tanging ang coach na nakalista lamang ang pangalan sa talaan ng tagisan ang bibigyan ng pagkakataon upang makapaglinaw.

4. Bawat paaralan ay may nakatalagang *student marshal* na magbabantay upang matiyak na nakasusunod ang bawat kalahok sa mga napag-usapang panuntunan sa tagisan.

5. Ang napagpasyahan na ng mga hurado ay pinal na at hindi na maaaring mabago pa.